KYRO BUILDERS, INC.
#14 ONGJIANGCO ST., STA. VERONICA, GUIMBA, NUEVA ECIJA
Telefax: 044-958-2006/ Email:kyrobuildersinc@yahoo.com

PROJECT PRESENTATION THROUGH

# FOCUS GROUP DISCUSSION (FGD)

TO THE STAKEHOLDERS REGARDING

# BOAC RIVER DREDGING PROJECT WITH RIVER DELTA CLEARING

BARANGAY TABIGUE, MUNICIPALITY OF BOAC
PROVINCE OF MARINDUQUE

**ISSUES / CONCERNS TO BE INCLUDED IN THE SCOPE OF THE EIA STUDY**

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| 1. Project Description | Magkakaroon pa ba kayo ng stockpile dyan sa Boac River?<br><br>• Mabuti naman po kasi sobrang alikabok dyan kapag merong stockpile lalo na kapag mahangin sa tag-araw at hindi natin alam kung may chemicals pa ba na kasama yung mga buhangin o tawag sa amin dito ay "tailings" na yan | **KAP. DONNAH C. MIRAFLOR –** Barangay Tabigue | Hindi na po kasi po ang mangyayari dyan paghigop ng dredger deretso na sa barge o sand carrier para po maiwasan na rin ang air pollution dahil basa po yung buhangin na kukunin ng dredger.<br><br>Iniwasan din po ng aming kumpanya yung double handling ng buhangin kapag nagstockpile pa o ibig sabihin lang po nun dagdag gastos. |
| | Ano ang gagawin ninyong dredging dyan sa Boac River? Kukuha kayo ng buhangin? | **KGD. EVELYN MANAHAN** – Barangay Tabigue | Ang dredging po ay pagtanggal ng barang buhangin, bato at ibang mga nakaharang sa bunganga ng ilog na siyang nagdudulot ng mga pagbaha sa tuwing sasapit ang tag-ulan lalo kung merong bagyo. Kasabay neto ang pagsasaayos ng ilog upang maiwasan na ang mga pagbaha na nakakapinsala.<br><br>Meron po inilabas na programa ng ating gobyerno na DENR Administrative Order No. 2020-07 and 2020-15 para isaayos |



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | ang lahat ng ilog sa Probinsya ng Marinduque sa pamamagitan ng "Dredging" Project po eto ng tinatawag na Inter-Agency Committee (IAC) at ang butihing Gob. Presby ang Chairman kasama ang 4 na sangay ng gobyerno na kinabibilangan ng DPWH, DENR, EMB at MGB. |
| | Ano ang gagawin ninyong dredging dyan sa Boac River? Saan nyo ilalagay?<br><br>Mabuti naman po kung aalisin ninyo ang buhangin diyan kasi akala namin ilalagay lang uli sa gilid ng ilog, hindi po namin alam kung yan ba ay may chemical na makapinsala sa amin dito. | **KGD. EVELYN MANAHAN** – Barangay Tabigue | Yung buhangin po na makukuha diyan ay dadalhin sa mga proyekto din ng gobyerno tulad ng reclamation, kalsada, NIA Projects at iba pa kapalit ng serbisyo ng pagsasa-ayos ng ilog dahil alam naman natin na malaki ang gastos upang isaayos ang isang ilog kaya eto ay ipinasa ng ating gobyerno sa mga pribadong kumpanya. |
| | Alam nyo ba na may tailings dyan ang Marcopper Mining? Baka magalaw ninyo yung mga chemicals dyan? | **KGD. EVELYN MANAHAN** – Barangay Tabigue | Meron po kaming konting alam tungkol sa tailings ng Marcopper Mining dyan sa Boac River kaya kami po ay nandito para magsagawa ng aming pag-aaral kasama ang ibang mga experts o consultants tungkol sa Boac River na amin naman ipapakita ang mga resulta pagbalik namin sa Public Consultation. |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Gaano katagal ang magiging operation ng dredging sa Boac River? | **KGD. HELBERT MINDORO –** Barangay Tabigue | Base po sa computation ng DPWH na nakalagay sa approved Dredging Master Plan at kung walang magiging problema magtatagal lamang eto ng 5 buwan. Pero ang dredging project po kasi ay dapat tuloy-tuloy na pagsasaayos ng Boac River upang hindi muling magbara at bumabaw ang ilog lalo na kapag tag-ulan dahil meron po tayong tinatawag na "Replenishment" o patuloy na paghatid ng buhangin, bato, kalat at iba pa galing sa bundok at mga barangay kung saan nandun ang Boac River. |
| | Gaano katagal ang magiging operation ng dredging sa Boac River? | **NILO M. HINTAY –** Chairman SMMBL (Samahan ng Mangingisda at Magsasaka ng Barangay Lupac) | |
| | Gaano katagal ang magiging operation ng dredging sa Boac River? | **ROLDAN NACIONAL –** Mangingisda ng Barangay Laylay | |
| | Gaano kalayo ang barge at ang dredger?<br><br>Pwede pa rin ba kaming mangisda habang nagdedrege? | **KGD. JOHN MICHAEL M. JAYAG –** Barangay Tabigue | 17 hectares po yung tinatawag natin na Navigational Zone kung nasaan yung mga dredger at barge tapos 500 meters naman po simula sa bunganga papasok ng Boac River.<br><br>Hindi na po pwede sa malapit sa dredging operation para maiwasan na rin ang aksidente, maglalagay kami ng mga markers o buoy na merong mga ilaw kung hanggang saan lamang ang itinakda na coordinates sa ECC at |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | makikipag-ugnayan ng Kyro Builders sa Municipal Agriculture Office (MAO), Philippine Coast Guard (PCG), MARINA at sa inyong mga mangingisda para alam nating lahat kung saan ang pwede at bawal na daanan ng ating mga bangka. |
| | Lahat po ng mga taga-Barangay Tabigue na merong bangka ay pumapasok sa Boac River para iparada ang aming mga bangka, paano po kapag nandyan na ang dredger sa bunganga ng Boac River? Paano kami papasok at lalabas?<br><br>• Alas-3 ng madaling araw kami umaalis tapos bandang mga alas-10 ng umaga kami bumabalik | **KGD. HELBERT MINDORO –** Barangay Tabigue / Mangingisda | Anong oras po ba kayong pumupunta sa laot para manghuli ng isda? Anong oras po ba kayo karaniwang bumabalik?<br><br>Kaya po tayo meron ganitong mga pag-uusap para po malaman namin kung ano yung mga kaganapan sa lugar ninyo, ang nakikita po namin na solusyon dyan dahil alas-3 ng madaling araw kayo umaalis, wala pa naman movement yun pero kapag alas-10 ng umaga pwede naman siguro na huminto ng 1 oras ang operation para makapasok na lahat ng bangka ngunit yung mga mahuhuli ay pansamantala muna sa labas o sa shoreline kung saan safe naman din ang inyong mga bangka. |



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | Bago magsimula ang operation magkakaroon uli tayo ng meeting para ayusin ang mga schedule para magkaroon ng sistema na napakagsunduan ng lahat. |
| | Baka pwedeng hanggang bayan na ng Boac para makapasok ang mga bangka namin hanggang bandang palengke para hindi na ikarga pa sa service o tricycle | **RONILO LASAC –** Mangingisda ng Barangay Laylay | Depende po yan kasi sa ngayon 500 meters lang ang ibinigay na dredging area sa amin kapag maganda ang performance namin maaring ipa-extend ni Gov. Presby Velasco ang area ng river dredging zone.<br><br>Pwede rin po kayong gumawa ng Barangay Resolution na nagsasabi na gusto ng Samahan ng mga Mangingisda dito sa Barangay Tabigue kasama ang iba pang barangay na mas habaan ang gagawing dredging sa Boac River. |
| | Kelan mag-uumpisa ang dredging? | **KGD. JAIME M. MANGANTE –** Barangay Lupac | Sa amin pong estimate mga 6-8 buwan pa kapag approved na po ang ECC sa EMB, Dredging Clearance sa DPWH, Notice to Proceed sa Province of Marinduque at OTP sa MGB. |

KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | Seryoso po ang Kyro Builders sapagkat kinukumpleto nila ang papeles bago sila mag-operate upang hindi masayang ang mga ginastos at pagod nila hindi po shortcut. |
| 2. Land | Gaano kalalim at ang lawak ng huhukayin ninyo? | **NENITA L. MONTES** – Lupon ng Barangay Tabigue | Ang lalim po ng dredging ay 2-3 meters dahil ang gagamiting Dredger ay merong mga control para eksakto ang sukat ng lalim na huhukayin at ang lawak naman ay 100 meters (Bottom Width and Slope 1V:6H) ayon sa Dredging Master Plan na itinakda ng DPWH kung saan masusing pinag-aralan at dinisenyo ng mga engineers at experts para sa Boac River. |
| | May ilalagay bang concrete dike habang nag-dredging para hindi gumuho ang gilid or pampang / riverbank? | **KAP. BENCIO M. MANGOL –** PB ng Barangay Lupac | Nandyan po ang DPWH MIMAROPA at iba pang ahensya ng gobyerno kapag nagsimula po ang dredging activities ng Kyro Builders, Inc. at naka-antabay ang sa dredging operation at kung kinakailangan na lagyan ng mga slope protection ang riverbanks para hindi gumuho, eto po ay susundin at lalagyan ng naa-ayon sa plano at desenyo ng DPWH. |



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Pwedeng bang palawakin ang dalampasigan ng Barangay Lupac o lagyan ng seawall mula sa mga dredging materials galing sa Boac River? | **KAP. BENCIO M. MANGOL –** PB ng Barangay Lupac | Pwede po kayong gumawa ng Barangay Resolution tungkol dyan at ipabatid ninyo kay Gob. Presby Velasco at siya na po siguro ang magrequest sa tamang ahensiya ng gobyerno. |
| | Baka gumuho ang dike? | **KGD. JAIME M. MANGANTE –** Barangay Lupac | Ang pagdredge natin ay nakaslope at hindi po eto nakasagad from bank-to-bank dun lang po yan sa gitna ng ilog o 100 meters kaya may buffer zone na siyang magiging natural slope protection.<br><br>Susundin lang po natin yung nasa approved Dredging Master Plan pero depende po yan sa actual na operation pede naman mag-adjust kung kailangan para hindi maapektuhan ang mga dike. |
| 3. Water | Kapag hinukay ba ang ilog ay tiyak na lalabo ang tubig at maapektuhan ang mga maghihipon? | **KAP. ARNEL W. MABIOG** – PB ng Barangay Laylay | Ang paghuhukay ng dredging vessel ay talagang magdudulot ng paglabo ng ilog at dagat pero kami po ay maglalagay ng "Silt Curtain" o kulambo sa paligid ng dredging area para hindi eto kumalat at makapaminsala ng mga lamang dagat tulad ng hipon na sinabi nyo po. |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | Etong paglabo naman ay pansamantala lamang at sa pagkaka-alam ko meron pong kondisyon sa ilalabas na ECC na magkakaroon ng quarterly monitoring at magtest ng "water quality" ng ilog at dagat upang masiguro natin na hindi eto makaka-apekto sa mga lamang dagat sa Tablas Strait / Tayabas Bay pati na rin sa Boac River. |
| | Ano po ang impact ng dredging sa halamang dagat at mga isda baka mabulabog kapag nandyan ang mga barko? | **NILO M. HINTAY –** Chairman SMMBL (Samahan ng Mangingisda at Magsasaka ng Barangay Lupac) | Sasagutin po namin yan sa Public Consultation kasi sa ngayon kinakalap pa lang namin ang mga katanungan at agam-agam ng mga apektadong mamayan. Meron po kaming ipapagawang pag-aaral tulad ng Marine at Freshwater Ecology Baseline Assessment pati na Seismic Profiling & Bathymetric Measurements. |
| | Paano po yung mga bobo traps na nakabaon sa harap o bunganga ng Boac River? | **HENRY L. EMBING –** Mangingisda ng Barangay Laylay | Wala po tayong magagawa kundi dapat tanggalin ninyo kasi masasama yan paghigop ng dredger. Eto naman pong project na eto ay pansamantala lang kaya habang inaayos ang Boac |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | River pwede muna natin ilagay ang mga eto sa ibang lugar.<br><br>Sa pagkaka-alam ko po bawal maglagay ng anumang harang sa bunganga ng mga ilog. |
| 4. Air | Magkakaroon pa ba kayo ng stockpile dyan sa Boac River?<br><br>Mabuti naman po kasi sobrang alikabok dyan kapag merong stockpile lalo na kapag mahangin sa tag-araw at hindi natin alam kung may chemicals pa ba na kasama yung mga buhangin o tawag sa amin dito ay "tailings" na yan | **KAP. DONNAH C. MIRAFLOR –** PB ng Barangay Tabigue | Hindi na po kasi po ang mangyayari dyan paghigop ng dredger deretso na sa barge o sand carrier para po maiwasan na rin ang air pollution dahil basa po yung buhangin na kukunin ng dredger.<br><br>Iniwasan din po ng aming kumpanya yung double handling ng buhangin kapag nagstockpile pa o ibig sabihin lang po nun dagdag gastos. |
| 5. People | Magkakapagbigay po ba ng trabaho ang dredging project ninyo lalo na sa mga taong apektado? | **KAP. DONNAH C. MIRAFLOR –** PB ng Barangay Tabigue | Ayon po sa Local Government Code dapat 80% ng manggagawa ay dapat magmula o galing sa host community pero dapat sapat o akma ang kanilang kakayahan sa hinahanap ng kumpanya tulad ng Engineers, other technical person, Nurses, Heavy Equipment Drivers, Truck helpers / pahenante, Laborers para sa pagawa ng gabion |
| | Magkakapagbigay po ba ng trabaho ang dredging project ninyo lalo na sa mga taong apektado? | **KAP. BENCIO M. MANGOL –** PB ng Barangay Lupac | |
| | Magkakapagbigay po ba ng trabaho ang dredging project ninyo lalo na sa mga taong apektado? | **KAP. ARNEL W. MABIOG** – PB ng Barangay Laylay | |



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | walls, Time Keeper at iba pa. Maari po silang magbigay ng kanilang bio-data sa Barangay.<br><br>Maari po silang magbigay ng bio-data sa inyong mga Tanggapan o sa mga kinatawan ng Kyro Builders kapag nagkaroon na sila ng site office. |
| | Meron po bang programa ang inyong kumpanya para sa mga apektadong mangingisda habang nandyan ang dredging? | **KGD. HELBERT MINDORO –** Barangay Tabigue | Meron po tayong tinatawag na Social Development Plan (SDP) na siya namang magbibigay ng assistance o tulong sa mga apektadong individual o samahan tulad ng maliliit na negosyo (babuyan, manukan, sari-sari store, karinderia at iba pa) pwede rin po magkaroon ng scholarship para sa mga batang kelangan ng tulong sa pag-aaral, tulong sa mga programa ng Barangay.<br><br>Nandyan po si Kapitan para malaman ng kumpanya kung sinu-sino ang mga apektado at meron din kaming mga tauhan para suriin ang mga aplikante. |
| | Meron po bang programa o ayuda ang inyong kumpanya para sa mga apektadong mangingisda habang nandyan ang dredging? | **NILO M. HINTAY –** Chairman SMMBL (Samahan ng Mangingisda at Magsasaka ng Barangay Lupac) | |
| | Meron po bang programa o ayuda ang inyong kumpanya para sa mga apektadong mangingisda habang nandyan ang dredging? | **MARK MARTIN –** Mangingisda ng Barangay Laylay | |
| | May subsidy o counterpart ba ang inyong kumpanya sa mga apektadong mangingisda | **KGD. ISAGANI L. SANDIWA –** Barangay Lupac | |



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| 6. Others | Pabor po kami na mapalalim ang Boac River para makadaan ang mga maliliit na bangka para makapalaot dahil tuwing low tide mababaw ang bukana at hindi makadaan ang mga bangka namin | **KAP. DONNAH C. MIRAFLOR –** PB ng Barangay Tabigue, **KAP. BENCIO M. MANGOL –** PB ng Barangay Lupac, **KAP. ARNEL W. MABIOG** – PB ng Barangay Laylay at lahat ng pumunta sa pagpupulong | Ang pag-dredge ng Boac River ay programa ng ating gobyerno sa pagtutulungan ng PGM, DPWH, DENR, EMB at MGB o tinatawag na Inter-Agency Committee (IAC) kaya suportahan po natin para na rin po eto sa ating kapakanan lalo na yung mga nakatira dito sa malapit sa ilog upang hindi nila maranasan ang malalim at nakakapinsalang pagbaha pati na rin ang kanilang hanapbuhay.<br><br>Lahat naman po ng proyekto ay merong positive at negative impact sa kalikasan pero sa tulong ng aming mga consultants kung hindi man maiwasan ang masamang epekto ang hangad namin eto ay mabawasan at makasunod ang mga standards na itinakda ng mga ahensya ng ating gobyerno.<br><br>Salamat po sa inyong suporta sa proyektong eto. |



KYRO

KYRO BUILDERS, INC.

# COPY OF MATERIALS PRESENTED




Figure 1_ Satellite Image showing the geographical coordinates of the RDZ – yellow and Navigational – white polygon, respectively



Photo No. 1_ Panoramic view of the river delta or the mouth of BOAC RIVER using DJI Mavic 2 Zoom Drone. Note that the mouth or the river delta was stalled by silt materials or sediments that prevents the flow of the water including the river run materials to the receiving Tayabas Bay / Tablas Strait.




Photo No. 2_Geotagged Photo taken at the mouth of BOAC RIVER looking NORTH showing river-run materials or sediments stalled the flow of water going to Tablas Strait / Tayabas Bay.



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.




Photo No. 3_Geotagged Photo taken at the mouth of BOAC RIVER looking EAST showing river-run materials or sediments stalled the flow of water going to Tablas Strait / Tayabas Bay.




Photo No. 4_Geotagged Photo taken at the mouth of BOAC RIVER looking SOUTH showing wood / timber as river-run materials or sediments stalled the flow of water going to Tablas Strait / Tayabas Bay. According to locals there are a more wood within the Tablas Strait / Tayabas Bay.



KYRO BUILDERS, INC.




Figure 2_Cutter Suction Dredger – Damen CSD 250, showing 2 spuds to position the dredger steadily.



Figure 3_Cutter Suction Dredger and barge.



Figure 4_Sample of Silt Curtain installation to contain disturbed water from polluting other parts of Tablas Strait that can damage or destroy marine habitat.







Figure 5_Gabion Wall to protect river banks from erosion and flooding hazard to the community and their crops.



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.

# PHOTO DOCUMENTATION




Courtesy Meeting with the Chief of Provincial Mining Regulatory Board (PMRB) of Marinduque, Mr. Rene Glinoga and Chief Adviser of Gov. Presbitero Jose Velasco Jr., regarding the proposed dredging project of Kyro Builders at Boac River.




Courtesy Meeting with Kap. Donnah C. Miraflor of **Barangay Tabigue** regarding the proposed dredging project of Kyro Builders, Inc. at Boac River for the scheduled Focus Group Discussion within her area of jurisdiction.



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.




Kap. Donnah C. Miraflor of **Barangay Tabigue** selected the stakeholders that participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Boac River. Brgy. Kagawad, fishermen, NGO, housewives and BHW. They are all aware of the dredging project and given their insight as well as opinion without hesitation.



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.




Kap. Bencio M. Mangol of **Barangay Lupac** selected the stakeholders that participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Boac River. Brgy. Kagawad, fishermen, NGO, housewives and BHW. They are all aware of the dredging project and given their insight as well as opinion without hesitation.



KYRO
KYRO BUILDERS, INC.




Kap. Arnel W. Mabiog of **Barangay Laylay** selected the stakeholders that participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Boac River. Brgy. Kagawad, fishermen, NGO, housewives and BHW. They are all aware of the dredging project and given their insight as well as opinion without hesitation.

# Proposed Design for Public Participation

